## Nabubuhay nang may HIV: Alamin ang Iyong mga Karapatan

# PAGSISIWALAT, PAGKAPRIBADO AT PAGIGING MAGULANG

## Mga Tanong at Sagot

### 1. Ako ay may HIV. Kailangan ko bang sabihin sa aking anak (o mga anak) ang tungkol sa aking kondisyon?

Sa karamihan ng mga kaso, hindi mo kailangang sabihin sa iyong anak na mayroon kang HIV. Ang iyong impormasyon sa personal na kalusugan, kasama na ang iyong HIV status, ay isang pribado at personal na impormasyon. Nasa sa iyo kung isisiwalat mo ang iyong katayuang may HIV sa iyong mga anak at sa iba pang kamag-anak, maliban doon sa mga taong mayroon kang sekswal na relasyon.

Halos lahat ng mga pakikisalamuha sa tahanan at tungkulin sa pagiging magulang ay hindi naghaharap ng panganib ng panghahawa ng HIV sa kaninoman. Hindi makukuha ng iyong anak ang HIV mula sa pagyakap sa iyo, pagsalo sa pagkain, o paglalaro kasama mo, halimbawa. Ngunit, tandaan na, kung sakali na sa bihirang pangyayari ay malantad ang iyong anak na mahawa ng HIV (hal., sa isang aksidente kung saan maaaring naghalo ang dugo), kailangan mong sabihin ang iyong katayuang positibo sa HIV sa iyong anak at/o sa mga health care provider upang matiyak na matanggap ng iyong anak ang nararapat na medikal na pangangalaga.

### 2. Ano ang pwede kung gawin kung sakaling may magsabi sa aking anak o kung sinabi ng mga kaibigan ng aking anak na mayroon akong HIV?

Ang sagot ay magdedepende sa kung sino ang magsasabi sa kanila. Bagama't walang dapat magsiwalat sa impormasyong tungkol sa iyong personal na kalusugan sa iyong anak nang walang pahintulot mo, kapag nangyari ito, hindi ka maaaring maghabla. Sa Canada, medyo komplikado ang mga batas na ukol sa pagkapribado. Batay sa nakagawian, madalas na mahirap kontrolin ang daloy ng impormasyon, at limitado ang mga legal na lunas kung magkaroon ng paglabag sa pagkapribado.

Kung pipiliin mong isiwalat ang iyong katayuang may HIV sa isang taong may legal na pananagutang protektahan ang iyong pagkapribado, gaya ng iyong emplyer, pagbabawalan ang taong iyon na sabihin sa iyong anak ito nang walang pahintulot mo. Kung ang isang kapit-bahay, katrabaho o kakilala ay magsabi sa iyong anak ng tungkol sa iyong katayuang may HIV, maaaring hindi pareho ang kanilang pananagutan sa batas pagdating sa pagkakompidensyal. Kung naniniwala kang nasira ang iyong pagkapribado,

makipag-ugnayan sa isang abogado, legal na klinika o inyong komisyoner sa probinsya/teritoryo para sa pagpapayo.

### 3. Maaari bang kunin ang aking anak sa akin dahil ako ay may HIV?

Hindi. Ang mga taong may HIV ay maaaring mahuhusay na magulang at walang makatuwirang dahilan sa pagkuha sa iyong mga anak dahil lang sa pagiging positibo sa HIV, Ang HIV ay hindi naipapasa sa pamamagitan ng kaswal na pakikihalubilo, kung kaya't wala itong panganib sa isang batang namumuhay nang may kasamang may HIV.

### 4. Nakipaghiwalay na ako sa aking asawa. Ang aking bang katayuang positibong may HIV ay makakaapekto sa aming kasunduan sa kostudiya, mga pagbabayad sa pagsuporta sa bata, o sa pangunahing titirhan ng bata?

Ang iyong katayuan sa HIV ay hindi dapat indibidwal na makaapekto sa mga pagpapasyang ukol sa titirhan ng inyong mga anak. Ang iyong mga karapatan at pananagutan bilang magulang ay hindi nagbabago dahil lang ikaw ay positibo sa HIV.

Ang pinakamahalagang konsiderasyon upang matukoy kung saan maninirahan ang inyong mga anak, kung sino ang makakapagpasya para sa kanila, at kung sino ang mag-aalaga sa kanila, ay ang pinakamakakabuti sa kapakanan ng mga bata. Kabilang sa mga salik na isinasaalang-alang upang matukoy ang pinakamainam para sa kapakanan ng mga bata ay ang mga bagay na tulad ng: kanilang mga ginugusto at ang kanilang damdamin; ang kanlang pangangailangang emosyonal at/o pang-edukasyon; ang kanilang edad, kasarian, kinalakihan at iba pang mahahalagang katangian; ang anumang pinsalang nadanasan o ang panganib na mapinsala; at ang kakayahan ng bawat magulang (at ng iba pang may-kinalaman na tao) na matugunan ang mga pangangailangan ng bata, ngayon at sa hinaharap.

Bagama't hindi dapat maging natatanging salik sa pagtukoy ang iyong katayuang may HIV ukol sa iyong kasunduan sa kostudiya, mga pagbabayad sa pagsuporta sa bata, o ang pangunahing titirhan ng bata, ang mga isyung may-kinalaman sa iyong katayuang positibo sa HIV ay maaaring isaalang-alang. Halimbawa, kung ikaw ay may mga kapansanang may kinalaman sa HIV, na nakakaapekto pag-aalaga sa iyong anak, ang mga limitasyong ito at kung paano sila maituturing ay mahahalagang konsiderasyon sa pagpapasya sa kung anong kasunduan ang pinakamakakabuti sa kapakanan ng inyong anak. Gayundin, ang anumang natatanging mga pangangailangan ng bata, kabilang na ang espesyal na pangangalagang medikal at mga serbisyo sa suporta, ay dapat isaalang-alang sa pagtukoy sa kung anong mga kasunduan ang pinakamakakabuti sa kapakanan ng bata.

Mahalagang tandaan na bagama't hindi dapat maging salik sa pagtukoy ang iyong katayuang positibo sa HIV, ang HIV ay nananatiling ikinakahiyang kondisyon at sa mapait na mga alitan, maaaring gamitin ito ng dating ka-partner upang alisin ang kredibilidad mo o pahinain ang loob mo. Makipag-usap sa iyong abogado at sa mga

kinatawang sumusuporta sa iyo, para sa pagpapayo kung natatakot kang maaaring sirain ng dati mong ka-partner ang iyong pagkapribado o subukang gamitin ang iyong katayuang positibo sa HIV na mabawasan ang iyong mga karapatan bilang magulang.

### 5. May child protection worker o social worker na tumutulong sa aming pamilya. Kailangan ko bang isiwalat ang aking impormasyon sa personal na kalusugan, na ukol sa pagiging positibo kong may HIV sa taong iyon?

Maraming dahilan kung bakit tumutulong ang mga social worker sa mga pamilya, at sa karamihan ng mga stiwasyon, hindi iniaatas ng batas ang pagsisiwalat ng katayuang may HIV sa isang social worker. Ngunit, maaaring makatulong na sabihing ikaw o ang iyong anak ay may hindi nawawalang sakit o kapansanang lumilitaw sa pana-panahon, upang makapaghatid ng naaangkop na suporta at referral ang social worker. Personal na pasya ang pagsisiwalat o hindi sa katayuang positibo sa HIV, maliban kung ang kaalaman tungkol dito ay kinakailangan para sa proteksyon ng anak o ng ibang taong nalantad sa isang malaking panganib ng impeksyon.

Ang mga child protection worker (kung saan ang ilan ay mga social worker) ay partikular na naatasang protektahan ang mga bata mula sa pang-aabuso at pagpapabaya. Ang bawat probinsya/teritoryo ay mayroong sarili nitong batas para sa proteksyon ng kabataan ngunit ang nakapailalim na dahilan at mga kapangyarihan ay halos magkakatulad sa buong bansa. Iniimbestigahan ng mga ahensya para sa proteksyon ng kabataan (hal., Children’s Aid Society o Child and Family Services) ang mga alegasyon sa pisikal, sekswal at emosyonal na pang-aabuso, pagpapabaya, pag-aabandona at kawalan ng kakayahan ng nag-aalaga. Ang mga ito ay nagbibigay ng gabay at pagpapayo sa mga pamilya, at nagbibigay rin ng pangangalaga sa mga batang nasa ilalim ng kanilang proteksyon.

Sa karamihan ng mga kaso, hindi naman kinakailangang ipaalam ang katayuan ng iyong anak o ng iyong katayuang may HIV upang gawin ng mga child protection worker ang kanilang tungkulin. Ngunit, maaaring mahahalagang konsiderasyon ang ilang isyung may-kaugnayan sa HIV. Halimbawa, kung ikaw man at/o ang iyong anak ay tumatanggap ng mga nirerekomendang paggagamot at gumagamit ng mga serbisyo sa suporta, o kung ang masamang lagay ng kalusugan o kapansanan ay nakakaapekto sa iyong kakayahang matugunan ang pangangailangan ng iyong anak — ang impormasyong ito ay magiging mahalaga sa isang child protection worker na tumatasa sa sitwasyon ng inyong pamilya, o sa pagbibigay ng suporta at pagpapayo sa inyong pamilya. Kung ang isang batang positibo sa HIV ay inaalagan ng isang ahensya para sa proteksyon ng kabataan, ang medikal na impormasyon ng bata ay dapat ibigay sa ahensya para sa proteksyon ng kabataan at/o sa foster parent upang matiyak na ang bata ay nakakatanggap ng walang-patid na paggagamot at suporta.

Kung ang katayuang positibo sa HIV ay nalalaman ng isang social worker o child protection worker, inaatasan ang worker na iyon na panatilihing kompidensyal ang impormasyong ito at gamitin lamang nang nauukol sa mga opisyal na tungkulin. Minsan, nakakatulong na isiwalat ito upang makakuha ng paglahok at tulong ang worker sa iba-

ibang ahensya. Sa karaniwan, ipinapayo ang pananatiling lumalahok sa positibo at maayos na paraan, sa mga child protection worker, at subukang maunawaan ang mga partikular na alalahanin na iniimbestigahan nila. Ito ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa inyong samahan, kung malaman ng isang worker sa ibang pagkakataon na ang ganitong mahalagang isyu o problema ay hindi sinabi sa kanila.

Tandaan na hindi ibig sabihin ng pakikipagtulungan sa mga child protection worker ay kailangan mo nang sabihin ang lahat ng tungkol sa iyong buhay, o bigyan sila ng pahintulot na makita ang lahat ng talang tungkol sa iyo. May karapatan kang itakda ang mga limitasyon at ipaalam lamang ang impormasyong mahalaga sa kanila, payagan lang silang malaman ang ilang may-kaugnayang impormasyon mula sa third party (hal., daycare o staff sa paaralan, mga health-care provider). Ang pagkonsulta sa isang abogado ay makakatulong sa iyong maunawaan kung saan dapat itakda ang mga limitasyon at kung paanong pinakamainam na protektahan ang iyong mga karapatan at ang karapatan ng iyong mga anak. Ang sabihin gusto mong makipag-usap sa isang abogado o magkaroon ng makatuwirang panahon upang pag-isipan ang iyong mga opsyon ay hindi dahilan upang kunin ng child protection ang isang bata; ang mga ito ay mga makatuwirang kahilingan, ngunit, kailangan mo pa ring makipag-ugnayan sa kanila at huwag iyong gamitin sila upang patagalin lang ang proseso.

### 6. Ang aking anak ay may HIV. Anong edad ko dapat sabihin sa kaniya na siya ay may HIV?

Walang inaatas ang batas patungkol sa tiyak na edad kung kailan dapat sabihin ng isang magulang sa kaniyang anak na siya ay may HIV, ngunit dapat ay alam na niya ito pagdating ng panahon na kaya na niyang magsagawa ng mga medikal na pagpapasya. Samakatuwid, pagdating ng panahon na kaya ng magbigay-pahintulot ang bata sa medikal na pangangalaga, mayroong taong dapat magpaliwanag sa kaniyang katayuang positibo sa HIV sa kaniya, upang makalahok siya sa pangangalaga sa kaniya, sa paggagamot at suporta.

Walang nakatakdang edad kung kailan nagkakaroon ng kakayahan ang isang bata na magpahintulot sa medikal na pangangalaga. Dapat gamitin ng mga doktor ang kanilang pinakamahusay an pagpapasya sa bawat kaso, upang makapagpasya kung may-kakayahan na ang bata. Napagpasyahan ng mga korte na ang mga batang nasa iba't-ibang edad ay may kakayahan sa pagbibigay-pahintulot — depende sa kung gaano ka-mature ang bata at kung gaano kaseryoso ang medikal na paggagamot. Sa karaniwan, ang mga bata ay itinuturing bilang may legal na kakayahang magbigay-pahinutlot kung nauunawaan na nila ang pangangailangan sa medikal na paggagamot, kung ano ang kasama sa paggagamot, at ang mga pakinabang at panganib kapag tinatanggap nila ang paggagamot. Kung ipaliwanag ng health-care provider ang mga bagay na ito at magpasyang nauunawaan na ito ng bata, at ang pangkalusugang pangangalaga ay pinakamainam para sa kapakanan ng bata, maaaring gamutin ng health-care provider ang bata nang walang pahintulot ng mga magulang o tagapag-alaga.

Ang isa pang konsiderasyon kung kailan dapat isiwalat ay ang sekswal na aktibidad. Bilang ang HIV ay isang sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, dapat mabigyang-kaalaman ang kabataan ng kanilang katayuang positibo sa HIV bago sila maging aktibo sa pakikipagtalik upang makapagpasya sila nang wasto tungkol sa kanilang mga sekswal na aktibidad at mas ligtas na pakikipagtalik. Gayundin, sa ilalim ng batas sa krimen, ang mga taong may HIV ay inaatasang isiwalat ang kanilang katayuang positibo sa HIV sa mga sekswal na ka-partner bago magsagawa ng anumang mga aktibidad na maghaharap ng "makatotohanang posibilidad ng pagpapasa ng HIV." Samakatuwid, kailangang maunawaan ng mga kabataang aktibo sa pakikipagtalik na positibo sa HIV, hindi lamang ang mga opsyon sa pagpigil sa HIV kungdi pati ang mga legal na obligasyon. (Pakitingan ang mga sanggunian sa www.aidslaw.ca/criminallaw para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kriminal na obligasyong isiwalat ang katayuang positibo sa HIV.)

Komplikado ang pagsisiwalat. Maaaring maging mahirap ang pagpapasya kung kailan dapat sabihin sa isang bata ang tungkol sa HIV sa pamilya. Ngunit, kahit pa subukan ng mga magulang ang kanilang mga anak na hindi malaman ang sakit, maaaring maramdaman ng mga bata na may mali, maaaring makarinig ng pag-uusap o magtaka tungkol sa mga gamot at medikal na pagsusuri. Samakatuwid, ipinapayo na kumuha ng suporta mula sa isang klinika para sa mga bata o isang organisasyong naghahatid-serbisyo sa AIDS na eksperto sa pangangasiwa sa mga bata. Ang mga ganitong lugar ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng impormasyon at suportang naaangkop sa edad.

## Para sa karagdagang impormasyon

The Theresa Group, *How Do I Tell My Kids?* (1999, revised 2009).

Family Law Education for Women, ***Dealing with the Children's Aid Society: What Parents Should Know*** **(2013), isang webinar na batay sa batas ng Ontario. On-line:** www.onefamilylaw.ca/en/webinar.

Malaki ang aming pagpapasalamat kina Renée Lang (HALCO), Liz Lacharpagne (COCQ-SIDA), at Simone Shindler (The Teresa Group), para sa kanilang pagsusuri at pagbibigay ng impormasyon sa polyetong ito.

**Ang impormasyong nasa lathalang ito ay impormasyong tungkol sa batas, ngunit ito ay hindi legal na pagpapayo. Para sa legal na pagpapayo, mangyaring makipag-ugnay sa isang abogado sa iyong rehiyon.**

Ang dokumentong ito ay nagsimula bilang isa sa serye ng walong polyeto (sa English at French), ukol sa mga karapatan ng mga taong may HIV sa Canada.

Ang mga kopya ng dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canadian HIV/AIDS Legal Network sa www.aidslaw.ca. Hinihikayat ang paggawa ng mga kopya, ngunit hindi maaaring ibenta ang mga kopya, at dapat banggitin ang Canadian HIV/AIDS Legal Network bilang pinagmulan ng impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Legal Network sa info@aidslaw.ca.

**Ang pondo upang mailimbag ang mga naunang bersyon ng dokumentong ito sa English at French ay nagmula sa Public Health Agency of Canada. Ang pondo para sa pagsasalin nito ay ibinigay ng Ontario Ministry of Citizenship and Immigration. Ang mga opinyong naipayahag ay mula sa mga may-akda/tagasaliksik at hindi nangangahulugan na ito ay mga pananaw o patakaran ng mga nagbibigay ng pondo.**

© Canadian HIV/AIDS Legal Network, 2013